



Binubuksan ng Lungsod ng Brampton ang mga lokasyon para sa tulong sa init para mapanatiling nalalamigan ang mga residente sa panahon ng Babala ng Init

BRAMPTON, ON (Hulyo 5, 2021) – Kasunod ng Babala ng Init na inisyu sa araw na ito ng Rehiyon ng Peel, pinapaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahalagahan ng pananatiling malamig.

Binuksan ng Lungsod ang sumusunod na mga lokasyon para sa tulong sa init:

- Ang Chinguacousy Wellness Centre at ang Chris Gibson Recreation Centre ay bukas sa araw na ito hanggang 9 pm. Ang mga lokasyon na ito ay open bukas mula 9 am hanggang 9 pm.
- Ang Brampton City Hall conservatory ay bukas sa araw na ito hanggang 8 pm. Magbubukas ito mula 8:30 am hanggang 8 pm bukas. Pwedeng pumasok ang mga residente mula sa harap ng City Hall.

Ang mga oras sa splash pad ng Lungsod ay 9 am hanggang 9 pm at ang Chinguacousy Park wading pool ay bukas araw-araw mula 10 am hanggang 8 pm, kung maganda ang panahon. Bukas ang Professor's Lake beach at ang Eldorado Park outdoor pool kung maganda ang panahon at ang kondisyon ng tubig.

Kapag bumibisita sa mga splash pad at pool, hinihiling ang mga residente na panatiliing una sa isip ang kalusugan at ang kaligtasan. Dumistansya sa iba, at magsuot ng mask kapag mahirap itong gawin. Para sa kumpletong talaan ng mga splash pad, bisitahin ang www.brampton.ca

Maaaring isaisip ng mga Bramptonian ang sumusunod na mga tip para malabanan ang init:

Limitahan ang outdoor na aktibidad

Hinihikayat ang mga residente na limitahan ang outdoor na aktibidad. Inirerekumenda rin na hindi magbilad sa araw ang publiko, uminom ng maraming tubig at manatili sa mga lugar na air conditioned o may lilim na mga lugar.

Mga indibidwal na nasa panganib

Ang mga matatanda at maliliit na bata ang mas higit na nanganganib, at hinihikayat ang mga residente na titingnan-tingnan ang mga kaibigan at kapamilya nang birtwal o sa pamamagitan ng telepono na iniisip nilang maaaring madaling maapektuhan ng init ng panahon.



Mga Pet

Mga tip para mapanatiling malamig ang mga pet o alagang hayop:

- Panatilihin na nasa loob ang mga pet at pigilan ang pagsama sa mga ito sa paglalakad – kung ang semento ay napakainit kung nakapaa, napakainit ito para sa mga paa ng aso na walang kagamitang pampaa.
- Magbigay ng maraming sariwang tubig
- Panatiling nag-circulate indoor ang hangin
- Limitahan ang oras na lantad sa araw at magbigay ng lilim

Sa mga mainit na temperatura, huwag na huwag iwanan ang mga bata o alagang hayop na walang nagbabantay sa mga sasakyan.

Maging ligtas sa tubig

Pinapaalalahanan din ang mga residente na mag-ingat malapit sa tubig:

- Palaging panatilihing naabot ng mga kamay ang mga maliliit na bata kapag nasa tubig
- Huwag na huwag lumangoy nang mag-isa
- Paghigpitan at kontrolin ang access sa mga pool sa likod-bahay gamit ang bakod sa lahat ng apat na bahagi
- Pasuotin ng life jacket ang mga maliliit na bata kapag nasa pool o sa beach
- Piliin ang mga beach at pool na may nagbabantay na lifeguard para sa paglalangoy
- Tanggalaan ng laman ang mga hindi naaasikasong wading pool at ang mga balde ng tubig kung hindi ginagamit
- Kung mayroon kang pool o cottage, tiyakin na matuto ang mga miyembro ng pamilya ng mga skill sa pagsagip ng buhay

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa init, bisitahin ang www.brampton.ca at www.peelregion.ca

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca